

# 1

“Bai, ipagpaumanhin po ninyo nahuli po ako ng dating. Nahihirapan po kasi si Ina kay Tong dahil kanina pa inaapoy ng lagnat. Mukhang nahawa na nga rin si Ina. Inuubo na siya at may sinat. Lumapit naman kami kay Indang Senai, pero ganoon pa rin ang herbal na ibinibigay. Panandalian lang nawawala ang lagnat ni Tong,” balita ng binata kay Maleha nang dumating ito sa gate ng kanilang unibersidad. Bahagya pa itong yumukod nang makita siya.

“Halika na kung ganoon. Kailangan nating makauwi nang maaga,” sagot niya sa binata.

Nag-aaral siya sa *Colegio de La Trinidad*, ang nag-iisang kolehiyo sa kanilang maliit na bayan. Ang bayan ng La Trinidad ay isang maliit at tahimik na bayan sa bandang kanluran ng Mindanao. Masasabi mang sibilisado ang lugar dahil naabot ito ng linya ng kuryente at may maayos silang water system, hindi pa rin ito kasing sibilisado kumpara sa mga karatig-bayan. May mga TV at radyo ang mga tao roon at miminsan pa ay nakakapamasyal sa siyudad kaya hindi sila nahuhuli sa kung ano man ang bago, ngunit pinipili ng kanilang local government unit at maging ng mga mamamayan na panatilihin ang katahimikan at kasimplehan ng lugar.

Maganda at malinis ang La Trinidad. It might be rustic but

it was still a beautiful place to live in. The people in La Trinidad were nice. Mababa ang crime rate roon at masipag ang mga mamamayan. Maagang nagigising ang mga tao at maaga rin kung matulog kaya walang problema ang gobyerno sa pagdidisiplina sa mga ito. Walang bisyo ang mga tao maliban sa paninigarilyo ng tabako ng mga matatanda at ang paminsan-minsang inuman kapag may okasyon. As a whole, La Trinidad was a picture of simplicity and beauty.

Prinsesa si Maleha ng Tribung Malayaan na nakatira sa kabundukang bahagi ng La Trinidad. Simple lamang ang kanilang buhay. Ang mga lalaki ang nagtatanim at naghahanap ng pagkain, ang mga babae ang nag-aalaga sa mga anak at nag-aasikaso ng bahay. Mayroon din silang sistema kung saan ang may pinakamataas na tungkulin sa tribu ay ang Apo. He served as the sultan and priest of the whole tribe. Ito ang gumagawa ng mga batas at sinisigurong sinusunod iyon ng lahat. Si Indang Senai ang kanilang albularyo at manggagamot. They were not used to any synthetic medicines dahil sa may paniniwala ang kanilang tribu na tanging mga likas na sangkap lamang ang nakagagamot. Mayroon din silang sandatahan na madalas mag-ensayo sa pakikipaglaban sapagkat kailangang laging handa ang tribu sa kung ano man ang maaaring maging banta sa kanilang kaligtasan. May mga babayes rin ang tribu, mga kadalagahan na nagsisilbi sa Apo at sa Bai. Ang pagiging babayes ay hinahangad ng mga kadalagahan sa kanilang nayon dahil ito ang pinaka-prestihiyosong titulo na maaaring matanggap ng babae sa kanilang tribu, bukod sa pagiging Bai o

ang katumbas ng prinsesa.

Maayos at tahimik ang pamumuhay ng mga Malayaan hanggang sa magkaroon ng epidemya ang kanilang tribu nitong mga nakaraang linggo lamang. Dahil matanda na si Indang Senai at napakarami nang nagkakasakit ay hindi na nito kayang tustusan ang pangangailangan sa gamot ng kanyang mga kanayon. Isinuhestyon niya sa ama na pumunta sila sa bayan at humingi ng tulong sa mga doktor nang sa ganoon ay hindi na kumalat pa ang epidemya. Mas madali ring masusugpo ang sakit kung galing sa isang doktor ang gamot na ibibigay. Sa halip na pakinggan siya ay nagalit lamang ang ama at sinabing kaya ng kanilang tribu na lampasan ang dagok na ito. Maaaring pagsubok lamang ito ng Diyos upang tingnan ang katatagan ng kanilang paniniwala. Dahil sa nakapag-aral si Maleha, alam niyang influenza ang tumama sa kanyang mga katribu. Kung may sapat at tamang gamot ay madaling gagaling ang mga ito. Hindi niya lang maaaring ipilit sa kanyang ama dahil ito ang batas.

Pinag-aral siya nito dahil gusto ng ama na maturuan niya ang mga bata sa kanila. Kumuha siya ng BS in Elementary Education dahil na rin sa kagustuhan nito. Nasa kanyang unang taon pa lamang siya sa kolehiyo ngunit kilala na siya sa eskuwelahan dahil sa kanyang taglay na ganda at pagiging scholar. Ayon sa kanyang mga kaklase ay may iba raw siyang taglay na karisma.

Marami ang kumukuha sa kanyang sumali ng mga beauty pageants, pero tinanggihan niya lahat iyon dahil alam niyang

hindi papayag ang kanyang ama. Iyon ngang pag-aralin siya nito ay pahirapan na. Na kung hindi dahil sa ikabubuti ng kanyang mga katribu ay hindi ito papayag na bumaba siya sa bayan.

Maraming kalalakihan din ang nagtangkang manligaw sa kanya pero lahat ng iyon ay itinaboy niya. Hindi pa siya handa sa pakikipagrelasyon at wala siyang magustuhan sa mga ito.

---

“Bai! Mabuti naman at dumating ka na. Nagpatawag ng pulong si Apo sa may burol,” balita ni Aneh pagdating niya sa kanilang kubo. Si Aneh ay isa sa kanilang mga babayes at ang matalik niyang kaibigan.

“Sige, halika na. Mamaya na lang ako magpapalit ng damit,” aniya sa nagmamadaling dalaga.

Alam din naman niyang ayaw ng kanyang ama na may nahuhuli sa kanilang mga pagpupulong. Nilakad nila ang papunta sa burol na hindi naman kalayuan. Matarik ang daraanan ngunit sanay na sanay sila pareho roon. Kaakibat na ng paghinga ang kalikasan sa kanila. Ganoon nila kamahal ang kanilang maliit na pamayanan.

Habang naglalakad sa matarik na daan ay natanaw niya ang batis sa may di-kalayuan. Mga walampung metro siguro ang layo mula sa kanyang kinatatayuan. Napakaganda ng batis na iyon. Malalaki ang mga bato nito at napakalinis ng tubig. Puwedeng paliguan ang batis na iyon, ngunit mahigpit na ipinagbawal ng

kanyang ama ang paglalaba sa batis kung kaya sa balon sila naglalaba.

“Maleha, mabuti at narito ka na,” bati ng kanyang ama at dagling tumayo, kasama pa ng ibang mga nasa pagpupulong na iyon bilang simbolo ng paggalang.

“Paumanhin po kung nahuli ako. Natagalan rin kasi si Amid sa pagsundo sa akin sa eskuwela. Malubha raw ang kanyang kapatid,” aniya habang umuupo katabi ng kanyang ama sa pulong na iyon.

“Iyan ang gusto kong pag-usapan natin ngayong gabi. Umupo ka na, Maleha, at nang makapag-umpisa na tayo,” utos ng kanyang ama na sa pakiwari niya ay nahihirapan sa sitwasyon.

“Magandang gabi sa inyong lahat. Narito tayo ngayon upang pag-usapan ang napakalaki nating problema. Tinatalo na tayo ng epidemyang ito. Hindi natin ito kayang labanan pa kung hindi tayo hihingi ng tulong sa mga mas nakakaalam. Hindi na kaya ni Indang Senai na pagalingin lahat ng maysakit dahil matanda na siya at napakarami na ng tinamaan ng epidemyang ito. Isinuhestiyon minsan sa akin ni Maleha na magpapunta ng mga doktor rito nang mapatingnan na tuloy ang mga katribu nating nagkasakit. Mainam siguro na sundin natin ang kanyang payo kaysa maghintay tayo na may magbuwis ng buhay bago tayo umaksyon sa problemang ito. Mabuti nang mag-anyaya tayo ng manggagamot at nang mapatingnan ang ating mga katribu,” mahabang pahayag ng kanyang ama.

Kitang-kita niya sa ekspresyon ng Apo na labag sa loob nito ang magpapunta ng medical team na maaaring tumingin sa kanyang mga kanayon, ngunit hinihingi ng pagkakataon na gawin ang bagay na iyon. Halos magdikit ang mga kilay ng ama. His lips were pursed together, na para bang ayaw na nitong pahabain pa ang usapang iyon.

Natapos ang pagpupulong at napagpasyahan na bukas na bukas ay kailangang dumating na ang mga doktor. Ipinatawag ang mga babayes upang maghanda sa pagdating ng mga bisita. Inatasan din ang mga katribu niyang walang sakit na maghanda ng makakain para sa mga bisita. Kinatay ang dalawang kambing, isang baboy, at itinumba ang isang bakang lilitsonin. Normal na sa kanilang tribu ang maghanda ng marami para sa mga bisita. Iyon ang kanilang tradisyon, bukod pa sa alam nilang malaki ang maitutulong ng mga paparating na doktor sa kanilang mga mamamayan.

Kinakabahan si Maleha. May karapatan siyang kabahan; she was, after all, a princess. And she too, would be offered to a guest.

Sinauna na ang tradisyon nilang iyon. Nakakondisyon na siya at ang mga babayes na darating ang ganoong pagkakataon. Pero matagal nang hindi ginagawa iyon dahil wala namang bumibisita sa tribu, kaya inakala niyang limot na ang kaugaliang iyon. Nagkamali siya. Hindi niya akalaing ipapaalala iyon ng ama sa kanya at sa mga babayes na naroon sa pulong kanina.

Malamang sa isang doktor siya ibibigay, dahil ito ang leader

ng medical team, habang ang mga babayes ay sa mga kasamahan nito.

She was deep in her thoughts nang may kumatok sa pinto ng kanyang kuwarto. “Tuloy ka, Aneh,” aniya sa dalaga na nakatunghay sa kanya.

“Narito si Caleb, gusto ka raw niyang makausap,” nangingiming saad ni Aneh.

“Sige, lalabas ako.” Lumabas siya ng kanyang silid at hinarap sa sala ang bisita. Tinitigan niya ito habang papalapit siya rito. Nakaupo ang lalaki sa sofa na yari sa narra.

“May darating raw tayong mga bisita bukas sabi ni Apo,” panimula ng binata. Nakakunot ang noo nito at mabagsik ang mga mata. Nakakuyom din ang mga palad nito na animo may kinikimkim na kung ano. Alam na niya kung bakit ito nagkakaganoon at alam na rin niya ang tutumbukin ng usapan.

“Oo, darating bukas ng hapon ang mga taga-bayan. Pumunta na sa bayan si Amun para kausapin si Mayor at mag-request ng medical team rito sa atin,” mahinang sagot niya.

“Maleha, alam mo naman siguro ang tradisyon. Kasama ka sa iaalay sa mga bisita bukas. Kung magpapakasal ka sa akin, hindi ka maisasama sa mga iaalay.” May pagsusumamo sa tinig nito.

Noon pa siya nililigawan ni Caleb. Simula noong magdalaga siya ay nagpakita na ito ng interes sa kanya. Naipaalam na rin

*A Night With A Princess - Luna Amparo*

---

nito sa kanyang ama ang hangarin nitong pakasalan siya kung papayag siya. Sadya nga lang talagang hindi pa handa ang puso niya na umibig kaya lagi niya itong tinatanghian.

Kung tutuusin ay napakakisig nito. Maraming babayes ang may gusto rito ngunit tanging siya lamang daw ang gugustuhin nitong maging asawa.

“Hindi ko aatrasan ang responsibilidad ko, Caleb. Para anu pa’t prinsesa ako, kung ako mismo ang susuway sa batas na ilang siglo nang namumuhay sa ating mga Malayaan. Umuwi ka na. Marami pa ang dapat gawin para sa mga darating na bisita bukas.” Saka siya tumayo at tumalikod na rito.